Palabas na **balita**

# Pagsuporta sa mga mag-aaral ng narsing na mababa ang kita

Pebrero 8, 2023

## Pinapalawak ng pamahalaan ng Alberta ang Mga Bagong Pagsisimula na Pampinansiyal na Gawad (New Beginnings Bursary) upang matulungan ang 1,700 mga mag-aaral na may mababang kita na maging mga nars.

Ang Alberta ang may pinakamahusay na mga front-line na manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan sa mundo. Ang pamahalaan ng Alberta ay nakatuon sa pagtitiyak na makukuha ng mga Albertan ang pangangalaga na kailangan nila, kung kailan at saan nila ito kailangan. Kasama diyan ang pagtitiyak na mas maraming pagkakataon para sa mas maraming mga mag-aaral. Ang paggawa sa sistema ng post-sekundaryo ng Alberta na mas abot-kaya ay makakatulong sa Alberta na sanayin ang mga nars na kailangan ng lalawigan.

Salamat sa karagdagang $8.5-milyong pamumuhunan sa mga Bagong Pagsisimula na Pampinansiyal na Gawad (New Beginnings Bursary), hanggang 1,700 mga mag-aaral ng narsing ang magiging kwalipikado para sa isang beses, hindi babayarang pabalik na $5,000 na gawad. Ang mga tatanggap sa mga programa ng narsing ay awtomatikong pipiliin mula sa mga aplikante ng pautang sa mag-aaral na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa kriterya ng programa at pananalapi.

Binubuo ng karagdagang pondo ang Plano ng Aksyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Alberta (Healthcare Action Plan ng Alberta) upang tumulong na matugunan ang mataas na pangangailangan para sa mga nars at mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan sa Alberta. Noong nakaraang taon, lumikha ang pamahalaan ng Alberta ng halos 2,500 mga bagong puwesto sa mga programang nauugnay sa kalusugan sa buong lalawigan. Kasama sa iba pang mga inisyatiba ang pinalawak na pagsasanay para sa mga internasyonal na

### Kaugnay na impormasyon

[Mga Bagong Pagsisimula na Pampinansiyal na Gawad (New Beginnings Bursary)]

[Alberta 2030: Bumubuo ng mga Kasanayan para sa mga Trabaho]

[Plano ng Aksyon sa Pangangalagang Pangkalusugan]

### Mga katanungan sa media

Sam Blackett
Sam.Blackett@gov.ab.ca
587-589-6048
Kalihim ng Press, Masulong na Edukasyon

edukadong nars at pagpopondo ng mga programang micro-credential sa mga larangan ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga Bagong Pagsisismula na Pampinansiyal na Gawad ay nilikha noong 2022 upang madagdagan ang pag-akses sa post-sekundaryong edukasyon para sa mga hindi maaaring makadalo, dahil sa mga hadlang sa pananalapi. Sa pagtatapos ng 2023-24 na taong pang-akademiko, 3,400 na mga mag-aaral na may mababang kita ang makikinabang sa gawad, sa kabuuang puhunan na $17 milyon. Nagsimulang suportahan ng bursary ang mga mag-aaral noong 2022-23 na taong pang-akademiko. Ang Tulong sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Aid) ay maghahatid ng pondo sa mga tatanggap na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat at nag-apruba ng mga aplikasyon sa pautang ng mag-aaral at gawad na pagpopondo sa panahon ng 2022-23 na taon ng pautang.